Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG HULYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 183-T'2002

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. JOKER ARROYO, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROAD SA BARANGAY BAGUMBAYAN NA SAKOP NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maisaayos ang mga pagawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

*SAPAGKA'T*, kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market roads;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Joker Arroyo, Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5,000,000.00 para sa pagpapagawa ng Farm-to-Market Road sa Barangay Bagumbayan na sakop ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Joker Arroyo, Senador ng Bansa, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan